

## Pananahimik, Pamumuná, Pagtutol, at Pag-asa: Isang Pagdalumat sa Praktis ng Sci-Hub

**Franz Giuseppe F. Cortez**

**Abstract:** In this study, I explore the practice of Sci-Hub using some concepts derived from the Brazilian philosopher Paulo Freire and the Canadian philosopher Henry Giroux. These are the concepts of culture of silence, language of critique, culture of resistance and language of hope. In general, the world of education silently and passively accepts a regime perpetrated by giant publishing corporations. The practice of Sci-Hub mirrors a critique of a form of oppression and domination of consciousness - that a sensible rationality, discourse, and regime is one which is advocated by big corporations. I affirm that Sci-Hub is a creative response to a culture of silence effectively perpetuated by the regime of intellectual property, publishing industry and corporatization of the school. But at the same time, the practice of Sci-Hub manifests a clinging to the language of hope that resists the ideology of "There Is No Alternative" (TINA). Despite the inherent difficulties in the contemporary society, the practice of Sci Hub persists to look for small spaces to offer effective alternatives to the present order or lack of it.

**Keywords:** Sci-Hub, Elbakyan, piracy, academic publishing

*Isang araw ay liliparin, isang araw ay bubuwagin  
Ang matataas na pader ng aking eroplanong papel  
- Gary Granada (Pilipinong mang-aawit at aktibista)*

**N**oong Mayo 19, 2020, hinanap ko sa *internet* ang artikulong "Masturbation: Vice or Virtue?" ni William Phipps na nalathala noong Hulyo 1977 sa *Journal of Religion and Health*. Bahagi ito ng isang pag-aaral tungkol sa pananaw ni Tomas de Aquino sa masturbasyon. Nang buksan ko ang *website* ng *SpringerLink*, naka-lock ang nasabing artikulo

© 2022 Franz Giuseppe F. Cortez  
<https://doi.org/10.25138/16.1.a6>  
[https://www.kritike.org/journal/issue\\_30/cortez\\_june2022.pdf](https://www.kritike.org/journal/issue_30/cortez_june2022.pdf)  
ISSN 1908-7330



## 118 PANANAHIMIK, PAMUMUNÁ

at ibinebenta ng *SpringerLink* sa halagang *34.95 euros* (PhP 1,939.00). PhP 1,939.00 para sa isang artikulo!<sup>1</sup> Isa pang artikulong hinanap ko ay ang "Thomas Aquinas on Sexual Pleasure" na nalathala sa *The Journal of Religious Ethics* noong 1977. Naka-lock naman ito sa JSTOR at ibinebenta sa halagang *39 US dollars* (PhP 1,977.00). Maaari mo raw itong basahin nang libre sa *online* kung gagawa ka ng *personal account* sa JSTOR. At sinabi pang "With a personal account, you can read up to 100 articles each month for free."<sup>2</sup> Halos dalawang libong piso ang gagastusin para sa isang artikulo!

Humigit-kumulang, ganito ang karanasan ng maraming mananaliksik - iskolar, propesor, o estudyante man - hindi lamang sa Pilipinas kundi sa buong mundo. Kailangang magbayad nang mahal upang magkaroon ng akses sa mga pananaliksik. Sa mga mananaliksik na kabilang sa malalaking unibersidad tulad ng mga estudyante at propesor, kalimitang naaakses nila ang mga ito gamit ang kanilang *library account*. Ngunit para sa mas maraming tao kabilang na mananaliksik, guro at estudyante ng maliliit na kolehiyo at unibersidad, nagiging balakid ang kawalan ng pambayad upang tamasahin din ang ganitong pribilehiyo.

Dito pumapasok ang Sci-Hub, isang *pirate website* na nagbibigaya-daan sa kahit sino na libreng mag-akses at mag-download ng milyon-milyong akademikong pananaliksik. Sapagkat ipinagbabawal ng halos lahat ng lipunan ang pamimirata, maitatanong tuloy natin kung katanggap-tanggap ba ang ginagawa nito.

Pangkaraniwang tutungo sa sangay ng pilosopiyang morál ang pilosopikong pagtingin sa praktis ng Sci-Hub.<sup>3</sup> Kaya nga, uusbong ang mga sumusunod na katanungan: Tama o mali ba (sa lebel ng etika) ang pamimirata ng mga pananaliksik na nilikha ng mga iskolar? Tama o mali bang gamitin ng mga mananaliksik ang Sci-Hub? Tama o mali bang itaguyod ang paggamit nito at ipamahagi ang link nito? Pirata o bayani bang maituturing ang mga tao sa likod ng Sci-Hub? O may mga sitwasyon kaya na bayani rin ang pirata? Anu-ano nga ba ang komplikasyon ng pag-aaring intelektual lalo na kung ilalagay sa konteksto ng pinagpanibago at patuloy na nagbabagong mundo ng agham at teknolohiya?

Masalimuot at kumplikado ang mga katanungang ito. At hindi ko hinahangad na sagutin sa papel na ito ang lahat ng mga nabanggit na katanungan. Upang sagutin ang mga katanungang ito, pangkaraniwang

---

<sup>1</sup> Dito makikita ang mga nabanggit na detalye tungkol sa artikulo: <<https://link.springer.com/article/10.1007/BF01533319>>.

<sup>2</sup> Dito makikita ang mga nabanggit na detalye tungkol sa artikulo: <<https://www.jstor.org/stable/40017725?seq=1>>.

<sup>3</sup> Jack James, "Pirate Open Access as Electronic Civil Disobedience: Is It Ethical to Breach the Paywalls of Monetized Academic Publishing?", in *Journal of the Association for Information Science & Technology*, 71:12 (2020), 1500–1504.

gagamitin ang mga higanteng teorya tulad ng etika ng utilitarianismo at deontolohiya. Maipapalagay rin na sa paggamit ng mga lenteng ito, hindi malulutas ang usapin ng pagiging tama o mali ng nasabing praktis. Ibig sabihin, maaaring gamitin ng magkasalungat na kampo ang mga teoryang ito upang depensahan ang kani-kanilang posisyon.

Kaya nga, hindi na ako makikisali sa mga talakayang nakabatay sa pilosopiya ng moral. Ngunit patuloy kong isasaalang-alang ang aspektong etikal ng nasabing phenomenon. Sa pagpasok sa mundo ng etika na hindi nangangahulugan ng pagpasok sa mundo ng pilosopiya ng moral, sinusundan ko ang pananaw ni Raymond Geuss sa kanyang aklat na *Outside Ethics* nang sinabi niyang hindi lang tumutukoy ang etika sa mga panuntunan ng tamang pagkilos at pagtrato sa kapwa ngunit ganundin sa buong paraan ng pagtingin sa daigdig at pag-iisip tungkol dito.<sup>4</sup> Inuunawa ni Alasdair MacIntyre ang etikang ito sa labas ng etika (pilosopiya ng moral) bilang pangangailangan sa seryosong pagsasaalang-alang ng mga alternatibong paraan ng pag-iisip tungkol sa praktikal na buhay.<sup>5</sup> Kahawig ng ganitong daloy ng pag-unawa nilikha ni Paolo Bolaños ang konsepto ng "etika ng pag-iisip" na tumutukoy sa isang etikang sumusuri sa inklinasyon ng rasyonalidad ng tao na dominahin, kontrolin at kasangkapanin ang daigdig ng tao at ng iba pang nilalang.<sup>6</sup>

Ipinapalagay kong sinusundan ko rin ang ganitong pag-unawa sa etika kung susuriin ko ang praktis ng Sci-Hub gamit ang mga pananaw na umuugat sa Brasilyanong pilosoper na si Paulo Freire at sa Canadianong pilosoper na si Henry Giroux. Ipapanukala ko na ang praktis ng Sci-Hub ay umuusbong sa loob ng gahum ng kultura ng pananaliksik. Isa itong kontragahum na mailalarawan gamit ang lengguwahe ng pamumuná, kultura ng pagtutol at lengguwahe ng pag-asa.

### Ano ang Sci-Hub?

Tulad ng nabanggit sa itaas, ang Sci-Hub ay isang pirate website na nagbibigay-daan sa kahit sino na libreng makaakses at maka-download ng milyon-milyong akademikong pananaliksik.<sup>7</sup> Ayon sa website ng Sci-Hub, mula Setyembre 5, 2011 hanggang Disyembre 18, 2021 nasa 84,794,279 nang

---

<sup>4</sup> See Raymond Geuss, *Outside Ethics* (New Jersey: Princeton University Press, 2005), 6.

<sup>5</sup> See Alasdair MacIntyre, "Review of Raymond Geuss' *Outside Ethics*," in *Notre Dame Philosophical Reviews* (5 March 2005), <<https://ndpr.nd.edu/news/outside-ethics>>.

<sup>6</sup> See Paolo Bolaños, "Language, Critique and the Non-Identical: Nietzsche and Adorno on the Ethics of Thinking," (Macquarie University, Australia, 2009), 2.

<sup>7</sup> Brian Resnick, "Why One Woman Stole 50 Million Academic Papers – And Made Them All Free to Read," in *Vox* (28 April 2016), <<https://www.vox.com/2016/2/17/11024334/sci-hub-free-academic-papers>>.

## 120 PANANAHIMIK, PAMUMUNÁ

mga akademikong papel ang maaaring ma-download dito. Karaniwang kailangang magbayad upang makita nang buo ang mga pananaliksik na ito—humigit-kumulang PhP 1,500. Kung walang pambayad, maaaring makipag-ugnayan sa mga aklatan ng mga paaralan. Ito namang mga aklatan ay nagbabayad din ng milyon-milyong halaga upang magkaroon ng komprehensibong koleksyon ng mga akademikong pananaliksik.

Ganito ang sistema ng industriya ng pananaliksik at paglilimbag sapagkat karamihan sa mga pananaliksik na ito ay pag-aari ng mga higanteng korporasyon (Reed-Elsevier, Springer Nature, Wiley-Blackwell, Taylor & Francis, SAGE) na ginagawang malalaking negosyo ang paglilimbag ng mga akademikong pananaliksik. Noong 2017, iniulat nga na ang industriyang ito ay nagkaroon ng kabuuang kità na USD 19 bilyon o humigit 999 bilyong peso. Sa isang paghahambing na ginawa, lumalabas na mas mataas pa sa *profit margin* ng Apple, Google at Amazon ang *profit margin* ng Elsevier noong 2010.<sup>8</sup> Lumalabas tuloy na ginagawang gatasán ng iilang mga pribadong korporasyon ang kaalaman sa pamamagitan ng pag-*digitize* at pagkukulong dito. Para silang mga parasitikong linta na kumukuha ng malaking tubò sa paraang halos wala silang kapawis-pawis.

Itinatag ang Sci-Hub ng Kazakhstaning *computer programmer* na si Alexandra Elbakyan noong 2011. Hinahangad niyang mawala ang mga paywall ng mga akademikong pananaliksik upang maging unibersal at malaya ang pagdaloy ng kaalaman. Sabi nga ng islogan ng SciHub: "*removing all barriers to knowledge*"—tinatanggal ang lahat ng mga balakid sa pagkamit ng kaalaman. Sinabi ni Elbakyan na dalawa ang pamamaraan ng Sci-Hub upang makapag-imbak ng mga akademikong pananaliksik. Una, maraming mga akademiko ang voluntaryong nagbibigay ng mga papel. Ikalawa, gumagamit sila ng mga *user ID* at *password* ng mga tao at institusyon na lehitimong may akses sa mga dyornal. Iniulat noong 2018 na nasa 64 milyong akademikong pananaliksik ang maaaring makuha nang libre gamit ang Sci-Hub. Nirerepresenta nito ang 2/3 ng lahat ng mga nalimbag na akademikong pananaliksik.<sup>9</sup> Noong Disyembre 2021, sinabi naman ng website ng Sci-Hub na halos nasa 85 milyong pananaliksik na ang nasa mga kamay nito.

Hindi nakabibiglang kinasuhan si Elbakyan ng mga korporasyon partikular na ng Elsevier at Springer Nature. Mas lalong hindi nakabibigla na noong 2017 natalo siya sa isang hukuman sa Estados Unidos at pinagmumulta sa Elsevier, ang pinakamalaking manlilimbag ng mga

---

<sup>8</sup> See Stephen Buranyi, "Is the Staggeringly Profitable Business of Publishing Bad for Science?" in *The Guardian*, (27 June 2017), <<https://www.theguardian.com/science/2017/jun/27/profitable-business-scientific-publishing-bad-for-science>>.

<sup>9</sup> See Ian Gruber-Stiehl, "Science's Pirate Queen," in *The Verge* (8 February 2018), <<https://www.theverge.com/2018/2/8/16985666/alexandra-elbakyan-sci-hub-open-access-science-papers-lawsuit>>.

akademikong pananaliksik, ng humigit-kumulang sa 780 milyong piso.<sup>10</sup> Noong 2018 naman, nagpasya ang isang korte sa Moscow na i-block sa buong Russia ang Sci-Hub. Samantalang isang korte sa Virginia ang nag-utos sa lahat ng mga *internet service provider at search engine* na i-block din ang Sci-Hub. Idagdag pa na humigit-kumulang sa 250 milyong piso ang kailangang ibigay ni Elbakyan sa *American Chemical Society* bilang bayad-pinsala.<sup>11</sup> Hanggang sa mga oras na isinusulat ang papel na ito, nagtagago pa rin si Elbakyan upang hindi mahuli ng mga otoridad.

### **Kultura ng Pananahimik**

Nilikha ng Brasilyanong pilosoper na si Paulo Freire ang katagang "kultura ng pananahimik."<sup>12</sup> Naobserbahan niya ito sa mga magsasaka ng *latifundia*<sup>13</sup> sa Brazil na tahimik at pasibong sumusunod sa utos at kagustuhan ng karilang mga amo. Sa konteksto naman ng edukasyon sa Brazil, tumutukoy ang kulturang ito sa tahimik at pasibong pakikinig (kung nakikinig man) ng mag-aaral sa kanyang guro. Ang guro ang pitsel ng kaalaman samantalang ang mag-aaral ay isang basong walang laman na kailangang salinan ng kaalamang nanggagaling sa guro. Katulad ng karasanan ng mga magsasaka sa loob ng latifundium, tahimik at pasibong tinatanggap ng mag-aaral ang prosesong ito ng dominasyon at opresyon.<sup>14</sup>

Sa pangkalahanan, meron ding kultura ng pananahimik na umiiral sa mundo ng akademikong paglilimbag. Tahimik at pasibong tinatanggap ng maraming iskolar ang rehimeng ipinapalaganap ng mga higanteng korporasyon na ginagawang negosyo ang pagpapakalat ng kaalaman. Sa kabilang patuloy na pagtaas ng presyo ng mga dyornal na ipinagbibili ng mga negosyanteng manlilimbag, patuloy nilang isinusuko sa mga korporasyong ito ang karapatan sa pag-aari ng mga pananaliksik na sila naman mismo ang nagpakahirap na gumawa. Patuloy rin nilang sinusuportahan ang mga korporasyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng

<sup>10</sup> See Quirin Schiermeier, "US Court grants Elsevier millions in damages from Sci Hub," in *Nature* (22 June 2017), <<https://www.nature.com/articles/nature.2017.22196>>.

<sup>11</sup> See Dalmeet Singh Chawla, "Sci-Hub Blocked in Russia Following Ruling by Moscow Court," in *Chemistry World* (3 December 2018), <<https://www.chemistryworld.com/news/sci-hub-blocked-in-russia-following-ruling-by-moscow-court/3009838.article>>.

<sup>12</sup> Paulo Freire, "Education as the Practice of Freedom," in *Education for Critical Consciousness*, trans. by Myra Bergman Ramos, Louise Bigwood, and Margaret Marshall (New York: The Seabury Press, 1973), 37.

<sup>13</sup> Ang *latifundia* ay malalaking lupaing pag-aari ng iilang mayayaman at makapangyarihan sa Brazil. Katumbas ito ng mga *hacienda* sa Filipinas.

<sup>14</sup> Paulo Freire, *Pedagogy of the Oppressed*, trans. by Myra Bergman Ramos (New York: The Continuum Publishing Corporation, 1984), 58.

## 122 PANANAHIMIK, PAMUMUNÁ

libreng serbisyo bilang mga tagásuri ng mga artikulo at bilang mga patnugot ng mga dyornal. Tumatahimik at tinatanggap na lang ng maraming iskolar ang ganitong kalakaran sapagkat hindi naman nila direktang pinapasan at nararamdaman ang presyo ng mga dyornal; problema ito ng mga administrador ng mga silid-aklatan at hindi ng mananaliksik.<sup>15</sup> Higit pa rito, nakikita ng mga iskolar na ang mga korporasyon ding ito ang susi sa kanilang tagumpay bilang mga propesyonal.<sup>16</sup> Kapalit ng libreng serbisyon kanilang ibinibigay, nakatutulong na naka-ugnay ang kanilang mga pangalan sa mga prestihiyosong dyornal upang mas lalo pa silang kilalanin bilang mga iskolar, maiseguro ang kanilang posisyon at promosyon sa mga unibersidad, at magtagumpay sa kanilang karera at propesyon.<sup>17</sup> Nakadepende ang gantimpala sa kung saang dyornal naglalathala at gaano karaming artikulo ang inilalathala.<sup>18</sup> Nagbibigay-liwanag ang kuwento ni Richard Smith, dating patnugot ng tanyag na British Medical Journal at dating *chief executive officer* ng BMJ Publishing Group. Sinabi niya na nang minsang pag-usapan nila ang mga pagbabagong dapat gawin sa sistema ng paglilimbag, ganito ang naging reaksiyon ng maraming mananaliksik: "*There's much we don't like about the present set up, but we are nervous of change. We know how to play the present game well. If the game is changed, we might not do so well.*"<sup>19</sup> Totoo ngang ipinapalagay ng maraming iskolar na ang pag-angat sa kanilang propesyon ay nakabatay sa kanilang tahimik at pikít-matang pakikilahok sa sistemang idinidikta ng mga higanteng korporasyon.

Sa napakahabang panahon, tinanggap din ng maraming administrador ng mga pamantasan ang aspektong negosyo ng industriya ng paglilimbag. Noong mga panahong iniimprenta pa ang mga dyornal, totoo

---

<sup>15</sup> See Richard van Noorden, "Open Access: The True Cost of Science Publishing," in *Nature*, 495:7442 (2013)s, 429.

<sup>16</sup> See Glenn S. McGuigan and Robert D. Russell, "The Business of Academic Publishing: A Strategic Analysis of the Academic Journal Publishing Industry and its Impact on the Future of Scholarly Publishing," in *Electronic Journal of Academic and Special Librarianship*, 9:3 (Winter 2008).

<sup>17</sup> See James J. Heckman and Sidharth Moktan, "Publishing and Promotion in Economics: The Tyranny of the Top Five," in *Journal of Economic Literature*, 58:2 (2020).

<sup>18</sup> "Why would they send their work to Elsevier then? They feel pressured to do this, because Elsevier is an owner of so-called 'high-impact' journals. If a researcher wants to be recognized, make a career — he or she needs to have publications in such journals." Alexandra Elbakyan, Case 1:15-cv-04282-RWS Document 50 File 09/15/15. Accessed 29 December 2020 <<https://www.documentcloud.org/documents/6591060-Elbakyan-Letter-to-Judge.html>>.

"...publishing in lesser-known, open access journals is viewed as risky for scientists without tenured positions." Margaret Beaton, "A Small Act of Scientific Civil Disobedience," in *Yes!* (13 March 2017), <<https://www.yesmagazine.org/issue/science/2017/03/13/small-acts-of-scientific-civil-disobedience>>.

<sup>19</sup> Richard Smith, "The Highly Profitable but Unethical Business of Publishing Medical Research," in *Journal of the Royal Society of Medicine*, 99 (September 2006), 454.

namang gumagastos din ang mga manlilimbag upang mailathala ang mga pananaliksik: mula sa pagtatasa ng mga artikulo, hanggang sa pagsasaayos ng mga ito, hanggang sa pag-iimprenta at hanggang sa pagpapadala ng mga dyornal sa mga unibersidad sa pamamagitan ng koreo. Kaya nga, nakahanda ang maraming pamantasan na maglaan ng sapat na pondo upang bilhin sa mga manlilimbag ang mga pananaliksik na nilikha rin naman mismo ng kanilang mga iskolar. Napakahalagang nalalaman ng mga iskolar ang mga pinakabagong lathalain upang maipagpatuloy ang pananaliksik at pagtuklas ng mga bagong kaalamang makatutulong sa lipunan.<sup>20</sup>

Ngunit sa panahon ng makabagong teknolohiya at internet, lalo pang napaliit ng mga manlilimbag ang kanilang gastos at napadalî ang sistema ng paglalathala at pagpapakalat ng kaalaman.<sup>21</sup> Dahil dito, umaasa ang mga unibersidad na bababâ rin naman ang presyo ng mga dyornal. Kabaligtaran ang nangyari.<sup>22</sup> Maging ang Cornell University at Harvard University na itinuturing na mga primera klaseng unibersidad sa mundo at may malaking pondo para sa kanilang mga silid-aklatan ay dumainaing din sa idinidiktang presyo ng mga korporasyon.<sup>23</sup> At habang dumadaing at naghihigpit ng sinturon ang mga unibersidad, ipinapakita naman ng mga datos na mas lalong lumalaki ang tubò ng oligopolistikong industriya ng paglilimbag.<sup>24</sup>

Sa kabilanito, tinatanggap pa rin ng maraming mga unibersidad ang kalagayang ito. Marahil sinasalamin ng reaksiyon ni Lance Fortnow, isang

<sup>20</sup> See Richard Edwards and David Shulenburger, "The High Cost of Scholarly Journals (And What to Do About It)," in *Change*, 35:6 (2003), 11.

<sup>21</sup> "At the risk of stating the obvious, we in the academic community create the ideas in our papers. We write the papers. We typeset the papers. We review the papers. We proofread the papers. We accept or reject the papers. We electronically archive and distribute the papers. If commercial publishers once played an essential role in this process, today their role is mostly to own the copyrights and to collect money from the universities." Scott Aaronson, "Review of *The Access Principle* by John Willinsky," in *ACM SIGACT News*, 38:4 (December 2007).

<sup>22</sup> Stephen Bosch and Kittie Henderson, "New World, Same Model: Periodicals Price Survey 2017," in *Library Journal* (19 April 2017), <<https://www.libraryjournal.com/story/new-world-same-model-periodicals-price-survey-2017>>; Armin Beverungen, Steffen Böhm, and Christopher Land, "The Poverty of Journal Publishing," in *Organization* 19:6 (2012), 22; James, "Pirate Open Access as Electronic Civil Disobedience."

<sup>23</sup> Jonathan Knight, "Cornell Axes Elsevier Journals as Prices Rise," *Nature*, 436:217 (2003); Ian Sample, "Harvard University Says It Can't Afford Journal Publishers' Prices," *The Guardian* (12 April 2012), <<https://www.theguardian.com/science/2012/apr/24/harvard-university-journal-publishers-prices>>; and Kate Murphy, "Should All Research Papers Be Free?," *The New York Times*, (12 March 2016), <<https://www.nytimes.com/2016/03/13/opinion/sunday/should-all-research-papers-be-free.html>>.

<sup>24</sup> See Edwards and Shulenburger, "The High Cost of Scholarly Journals"; Vincent Larivière, Stefanie Haustein, and Philippe Mongeon, "The Oligopoly of Academic Publishers in the Digital Era," in *PLOS ONE*, 10:6 (2015), e0127502, and Buranyi, "Is the Staggeringly Profitable Business of Publishing Bad for Science?"

## 124 PANANAHIMIK, PAMUMUNÁ

tanyag na *computer scientist* at dekano ng Illinois Institute of Technology, ang kaisipan ng maraming iskolar at administrador ng mga unibersidad. Ganito ang kanyang pahayag tungkol sa panawagang i-boykot ng mga iskolar ang pagtataasa ng mga isinusumiteng pananaliksik sa Elsevier: “*We all have a responsibility to do our fair share of refereeing and it takes no more effort to referee a paper for [Information and Computation] than for any other journal. If you truly dislike a certain publisher, then don't submit your papers to their journals. But to take a symbolic stand by not refereeing papers only hurts the authors and our community.*”<sup>25</sup>

Nakatulong din nang malaki ang kakatwang dinamiko ng merkado ng mga dyornal. Sa pagtataasa nina Richard Edwards at David Shulenburger, mga akademiko at administrador ng paaralan, sinabi nilang napipilitan pa ring bumili ang mga unibersidad kahit na mahál sapagkat hindi katulad ng ibang produkto na maraming alternatibo sa merkado, ang bawat pananaliksik ay nag-iisa lamang at walang pamalít na mahahanap sa ibang negosyante.<sup>26</sup> Dagdag pa rito, ang mga bukod-tanging artikulo na inilalathala sa mga presthiyosong dyornal ay nasa pagmamay-ari ng iilang malalaking korporasyon.<sup>27</sup> Sa kakatwang merkadong ito ng monopolyo at oligopolyo ng tinatawag na "Big Five" (Wiley-Blackwell, Springer Nature, Elsevier, ACS, at Taylor & Francis), talagang makapagdidikta ng presyo at kondisyon ang nagbebenta.

Malaking ambag din sa kultura ng pananahimik ang pagkahumaling ng maraming unibersidad sa pagpapataás ng kanilang ranggo at pagpapabangó ng kanilang pangalan sa pandaigdigang merkado. Sinabi ng sosyolohistang si Steffen Mau sa kanyang aklat na *The Metric Society: On the Quantification of the Social World* na kasama ang mga unibersidad sa mga pangunahing institusyon sa modernong lipunan na kailangang makipagsabayan sa paligsahan ng *rating* at *ranking*, sa ayaw man nila o sa gusto.<sup>28</sup> At sa paligsahang ito, malaking puntos ang ibinibigay sa isang unibersidad kung ang kanilang mga akademiko ay kinikilala sa kanilang disiplina. Kaya nga sa halip na talikuran ang mga oligopolistikong korporasyon, hinihikayat at ginagantimpalaan pa ng mga administrador ang pagsusumite ng kanilang mga iskolar ng kanilang pananaliksik sa mga presthiyosong dyornal na pag-aari ng mga ito. Ikinararangal din ng mga

---

<sup>25</sup> Binanggit sa Aaronson, "Review of *The Access Principle* by John Willinsky," 20.

<sup>26</sup> Edwards and Shulenburger, "The High Cost of Scholarly Journals."

<sup>27</sup> "The highly concentrated market of academic publishing induces and increases power differentials between academic institutions and corporate publishers to the advantage of the latter." Stephan Puehringer, Johanna Rath, and Teresa Griesebner, "The Political Economy of Academic Publishing: On the Commodification of a Public Good," in *PLOS ONE*, 16:6 (2021), 2.

<sup>28</sup> See Steffen Mau, *The Metric Society: On the Quantification of the Social*, trans. by Sharon Howe (Cambridge: Polity, 2019), 53.

administrador kung ang kanilang mga mananaliksik ay kinukuha bilang mga taga-rebisa at patnugot ng mga nasabing prestiyosong dyornal. Kaya nga, hindi lang parangal sa indibidwal na iskolar ang inihahatid ng pagkakaugnay sa mga prestiyosong dyornal. Mismong ang mga unibersidad ay nakikinabang sa kumpetisyon ng *ranking* at *rating* at sa pagpapatibay ng pangalan ng unibersidad bilang makabagong simbolikong kapital.<sup>29</sup>

Samakatwid, ang kultura ng pananahimik na naghahari sa mundo ng paglilimbag ng akademikong papel ay umiiral, nananatili at pinagtibay ng siklikong proseso na nakapaloob sa isang kalakarang itinuturing na ang kaalaman ay isang kalakal at ang pagpapakalat nito ay laging nababahiran ng pang-ekonomiyang interes.<sup>30</sup> Sa loob ng rehimeng ito, pinagtibay ang legalidad at moralidad ng karapatan sa pag-aaring intelektual na malinaw na pumapabor sa malalaking korporasyon. Tumatahimik na lamang ang maraming iskolar sapagkat dito nakabatay ang kanilang pag-angat sa propesyon – maglathala o maglaho (*publish or perish*).<sup>31</sup> Tumatahimik naman ang maraming unibersidad sapagkat dito nakabatay ang kanilang pag-angat sa walang-katapusang pagmamarka at pataasan ng reputasyon – sumang-ayon at sumunod (*conform and perform*).<sup>32</sup>

Ganito ang pagkakalarawan ni Richard Smith sa napakasuwerteng tadhana ng mga higanteng manlilimbag: "This might be described as the 'secret ingredient' of the publishers: they have so entangled themselves in the system of academic credit that it is hard for the academic world to 'uncouple' publishing from credit."<sup>33</sup> Kailangang sumayaw ang akademiko sa musikang nilikha ng negosyo. Malayong-malayo na nga tayo sa dakilang mithiin ng *Philosophical Transactions*, ang kauna-unahang dyornal ng Royal Society of London na inilunsad may 350 taon na ang nakalilipas at umiiral pa rin sa kasalukuyan. Natabunan na ang dakilang mithiing ibahagi ang kaalaman upang mas lalo pa itong mapagyaman. Napalitan na ito ng gantimpalang hatid ng kislap ng salapi para sa mga negsyante at kináng ng parangál para sa mga akademiko. Samantala, patuloy na nagdarahop ang mas maraming mananaliksik lalo na

<sup>29</sup> See *Ibid.*, 5.

<sup>30</sup> "In addition to being vehicles of knowledge, scholarly journals have become important economic assets owned by private companies." Mahdi Khelfaoui and Yves Gingras, "Branding Spin-Off Scholarly Journals: Transmuting Symbolic Capital into Economic Capital," in *Journal of Scholarly Publishing*, 52:1 (2020), 1–19. Tingnan din Carolyn Caffrey Gardner and Gabriel J. Gardner, "Fast and Furious (at Publishers): The Motivations behind Crowdsourced Research Sharing," in *College & Research Libraries*, 78:2 (2017), 144.

<sup>31</sup> Hendrik van Dalen and Kène Henkens, "Intended and Unintended Consequences of a Publish-or-Perish Culture: A Worldwide Survey," in *Journal of the American Society for Information Science and Technology*, 63:7 (July 2012).

<sup>32</sup> Mau, *The Metric Society*, 40.

<sup>33</sup> Smith, "The Highly Profitable but Unethical Business," 453.

sa mahihirap na lipunan habang ipinipinid ang mga dyornal at ipinagkakait ang kaalaman.<sup>34</sup>

### **Lengguwahe ng Pamumuná**

Sa liwanag ng pilosopiya pang-edukasyon ni Paulo Freire, nilikha ng Canadianong pilosoper na si Henry Giroux ang katagang "lengguwahe ng pamumuná" (language of critique) na tumutukoy sa pagpuná at pagsusuri ng iba't ibang mukha ng kapangyarihan sa loob ng mga institusyon pang-edukasyon.<sup>35</sup> Tinitingnan, halimbawa, kung ano ang nilalaman ng mga kurikulum at ano ang hindi isinasali rito. Pinag-aaralan din kung paanong ang kaalaman ay nagiging instrumento mismo ng dominasyon at opresyon. Kaya nga, sa pamamagitan ng lengguwahe ng pamumuná, pinapangalanan at binabasag ang kultura ng pananahimik at tinutukoy ang puno't dulo nito. Ang pamumuná ay isang gawain ng pag-aangat ng antas ng kamalayan upang maging mulát sa puno't dulo ng isang usapín o suliranin.

Kailangan ding punahin ang praktis ng mga manlilimbag at ang kultura ng katahimikang umiiral sa mundo ng mga akademiko. Ang totoo, matagal na namang pinupuna at sinusuri ng maraming iskolar ang kakaiba at kakatwang ugnayan ng industriya ng paglilimbag at ng mundo ng akademiko. Pinupuná nila ang napakataas at di-makatarungang presyo ng mga dyornal. Ipinapakita nilang isa itong pagsasamantala sa pondong inilalaan ng mga unibersidad at sa bunga ng paggawa ng mga akademiko.<sup>36</sup> Binabansagan nila itong monopolistiko at oligopolistiko.<sup>37</sup> Bagama't kakampi ng mga higanteng korporasyon ang batas, hindi naman sila pumapasá sa hukuman ng konsensiya.<sup>38</sup>

<sup>34</sup> Tingnan ang mga panayam kina Brian Nosek, propesor ng sikolohiya sa University of Virginia, Roshan Kumar Karn, isang doktor sa Nepal, at Helena Asamoah-Hassan, direktor ng African Library Association sa dokumentaryong *Paywall: The Business of Scholarship* sa direksiyon ni Jason Schmitt (New York: Utopian Turtletop Productions, 2018).

<sup>35</sup> Henry Giroux, *Teachers as Intellectuals: Towards a Critical Pedagogy of Learning* (Massachusetts: Bergin and Garvey, 1988), 108ff.

<sup>36</sup> See Beverungen, Böhm, and Land, "The Poverty of Journal Publishing."

<sup>37</sup> Tingnan ang mga sumusunod: George A. Chressanthis and June D. Chressanthis, "Publisher Monopoly Power and Third-Degree Price Discrimination of Scholarly Journals," in *Technical Services Quarterly*, 11:2 (1993), 13–36; Michael A. Stoller, Robert Christopherson, and Michael Miranda, "The Economics of Professional Journal Pricing," in *College & Research Libraries*, 57 (1996), 9–21; Richard W. Meyer, "Monopoly Power and Electronic Journals," in *The Library Quarterly*, 67:4 (October 1997), 325–349; Edwards and Shulenburger, "The High Cost of Scholarly Journals"; McGuigan and Russell, "The Business of Academic Publishing"; Puehringer, Rath, and Griesebner, "The Political Economy of Academic Publishing."

<sup>38</sup> See George Monbiot, "Scientific Publishing is a Rip-off – We Fund the Research, It Should Be Free," in *The Guardian* (13 September 2018), <<https://www.theguardian.com/commentisfree/2018/sep/13/scientific-publishing-rip-off-taxpayers-fund-research>>.

Hindi lang dumadagdag si Elbakyan sa mahalagang gawain ng pamumuná at pagsusuri. Pinapalalim pa niya ang antas ng pamumuná. Ang praktis ng Sci-Hub ay hindi purong praktis na salát sa rasón. Isa itong pamumuná na nakapag-aangat ng kamalayan ng lipunan tungkol sa samu't saring ideyolohiya at masalimuot na ugnayan ng kapangyarihan, kaalaman at ekonomikong interes.<sup>39</sup> Halimbawa, ipangangalandakan ng kapitalistang manlilimbag na pumapanig sa kanila ang batas na ang ginagawa ng Sci-Hub ay pamimirata, na ang pamimirata ay isang pagnanakaw at ang pagnanakaw ay isang krimen. Ngunit hindi dahil umiiral na ang ganitong rasyonalidad at normatibo, masasabing ito na rin nga ang palagian at di-mapapasubaliang tama.<sup>40</sup> Ang pamumuná ay pagsususpetsa sa nakasanayang umiiral na kaisipan, panuntunan o sistema man.<sup>41</sup>

Sa mas malalimang pagsusuri, makikita namang hindi lang isang ordinaryong pamimirata ang praktis ng Sci-Hub. Hindi ito maihahanay sa pamimiratang nagaganap sa industriya ng musika at pelikula na ang kalimitang hangad ng namimirata ay kumita ng pera.<sup>42</sup> Nanggagaling si Elbakyan sa batayang prinsipyong na ang mananaliksik at pananaliksik ay libreng regalo para sa taumbayan. Hindi sila panindá na kailangang lagyan ng kaakibat na presyo sa merkado.<sup>43</sup> Kaya nga, binubusan ni Elbakyan ang mga bagong espasyo upang makapag-isip at makapag-usap nang labas sa saklaw ng gusto lang isipin at pag-usapan ng mga dominanteng grupo.<sup>44</sup> Kung sa mata ng manlilimbag at ng pangkasalukuyang mga batas ay pagnanakaw man ang ginagawa ni Elbakyan, mismong ang pag-iral at

<sup>39</sup> "The conditions call out for ideology critique." Rahel Jaeggi, "Was ist Ideologiekritik?" in *Was ist Kritik?*, ed. by Rahel Jaeggi and Thilo Wesche (Frankfurt am Main: Suhrkamp, 2009), 271. Binanggit sa Manfred Knoche, "Science Communication and Open Access: The Critique of the Political Economy of Capitalist Academic Publishers as Ideology Critique," in *tripleC*, 18:2, trans. by Christian Fuchs (2020).

<sup>40</sup> "The more the existing society, through its overwhelming power and hermetic structure, becomes its own ideological justification in the minds of the disillusioned, the more it brands as sinners all those whose thoughts blaspheme against the notion that what is, is right – just because it exists." Theodor W. Adorno, *Prisms*, trans. by Samuel Weber and Shierry Weber Nicholsen (Cambridge: MIT Press, 1967), 101.

<sup>41</sup> Bülent Diken, "Critique as Justification – and Beyond," in *The Sociological Review*, 63 (2015), 922.

<sup>42</sup> Ganito ang sinabi ni Elbakyan sa isang panayam: "We can have a discussion when copyright is used to stop the free distribution of movies and music, but if the law is against science and knowledge, there is nothing to discuss." Neil Sehgal, "Fighting for Communism in Science: An Interview with Alexandra Elbakyan," in *Brown Political Review* (16 April 2021), <<https://brownpoliticalreview.org/2021/04/fighting-for-communism-in-science-bpr-interviews-alexandra-elbakyan>>.

<sup>43</sup> Peter Suber, *Open Access* (Cambridge: The MIT Press, 2012), 14.

<sup>44</sup> "The point of critique is not justification but a different way of feeling: another sensibility." Gilles Deleuze, *Nietzsche and Philosophy* (New York: Columbia University Press, 1983), 94. Binanggit sa Diken, "Critique as Justification," 935.

pagdomina ng ganitong kaisipan ang inilalagay sa lente ng pamumuná. Kapag paulit-ulit ang isang inaanakalang pagkakamali, baka naman hindi iyon ang mali, o hindi lang iyon ang mali, o meron pang mas mali na nagdidikta ng tama at mali at kailangang mas lalong pagbuhusan ng lakas at isip upang punahin.<sup>45</sup>

Binibigyang-diin din ng pamumunáng nakabatay sa kulturang Sci-Hub ang kontradiksiyon sa pagitan ng isang praktis at ng prinsipyong ipinapalagay na batayan nito. Halimbawa, ang batas at praktis ng kopirait ay pangunahing ginawa upang bigyan ng insentibo ang mga manlilikha na mas lalo nilang pag-ibayuhin ang kanilang kakayahan at tulóy mapabuting lalo ang isang lipunan. Ngunit sa pangkasalukuyang praktis nito, nabigyan ba talaga ng gantimpala ang mga dapat bigyan nito? O napagsamantalahan sila?<sup>46</sup> Ginanahan ba lalo silang pag-ibayuhin ang kanilang talento? O nagkasya na lang silang makipaglaro sa sistema? Napabuti bang lalo ang kondisyon ng lipunan dahil sa praktis ng kopirait? O napigilan pang lalo ang pagsulong ng kaalaman? At nahirapan pang lalo ang mas maraming miyembro ng lipunan? Kaya nga, hindi panghihimasok ng mga bagong normatibo ang pamumunáng nakabatay sa kulturang Sci-Hub. Ipinapamukha lang nito na mismong ang pinupuna ay hindi nakasusunod sa kanyang mga itinakdang batayang prinsipyö.<sup>47</sup> Na may kontradiksiyon sa sinasabing layunin ng batas ng kopirait at sa tunay na nangyayari sa pagpapatupad nito. May malaking problema ang industriya ng paglilimbag. At mismong ang industriya ng paglilimbag ang maituturing na malaking problema.

Hindi natin ipinagkikibit-balikat ang pamumunáng nakabatay sa patuloy na pagsasaalang-alang at paggalang sa batas ng kopirait. Ngunit binubusan ng Sci-Hub ang isang paraan ng pag-iisip tungkol sa mga hangganan ng kapangyarian ng mga estado at ekonomiya.<sup>48</sup> Lumalalim ang pamumuná at napapansin ang magkakaugnay na usaping pumapaloob sa rehimen ng pag-aaring intelektuwal, korporatisasyon ng paaralan, at komodipikasyon ng kaalaman. Sa napakahaba nang panahon, nananatiling nasa labas ng batas ang pirata. Ngunit ang pirata ang patunay na may butas

<sup>45</sup> "...while its methods may be suspect, SciHub is merely a symptom of a much larger problem in science." Steven Park, "Scientist vs Publisher: Sci-Hub Reveals Flaws in Academia," *The Miscellany News* (6 February 2019), <<https://miscellanynews.org/2019/02/06/opinions/scientist-vs-publisher-sci-hub-reveals-flaws-in-academia/>>.

<sup>46</sup> "Copyright was intended to reward creative people, but in fact is used to exploit them." Sehgal, "Fighting for Communism in Science".

<sup>47</sup> "...the critique must be thought to give expression to an already existing conflict within a social practice." Titus Stahl, "Immanent Critique and Particular Moral Experience," in *Critical Horizons*, 23:1 (2022; first published online October 2017), 3.

<sup>48</sup> Martin Parker, "Pirates, Merchants and Anarchists: Representations of International Business," in *Management & Organizational History*, 4:2 (2009), 168.

ang batas at nagtatago ang manlilimbag sa saya ng batas.<sup>49</sup> Ang mismong paglabag sa batas ang nagiging daan ng Sci-Hub upang magawa nitong ituon ang atensyon sa iba't ibang anyo ng dominasyon na nananatiling nananalaytay sa mga ugat ng ating kontemporanyong lipunan.<sup>50</sup> Ipinapaalala nito na ang mga ipinapalagay nating anyo ng pagsulong at pag-unlad ay pagpapaigting pala ng dominasyon, pagpapalawig ng inhustisya at paghakbang palayo sa mas demokratikong lipunan.

### **Kultura ng Pagtutol**

Ngunit hindi dapat tumigil sa gawain ng pamumuná at pagsusuri. Mula sa pagpuna, kailangang umusbong ang isang kultura ng pagtutol na walang-sawang tumutuklas ng mga pamamaraan upang hamunin ang isang mapáng-apíng praktis. Ang Sci-Hub ay isang malikhaing tugon sa kultura ng panahanimik na mabisang ipinalalaganap ng rehimen ng pag-aaring intelektuwal, industriya ng paglilimbag, korporatisasyon ng paaralan at komodipikasyon ng kaalaman.

Ang praktis ng pagtutol laban sa industriya ng paglilimbag ay masasaksihan na sa maraming pagkilos ng mga indibidwal, grupo ng mga propesyonal at maging mga unibersidad. Noon pa mang mga unang taon ng bagong milenyo, tatlong mahahalagang pahayag ang nagsulong ng sistemang open access (OA) bilang pagkilala sa batayang prinsipyong dapat nakukuha at nagagamit ang mga pananaliksik nang walang mga balakid.<sup>51</sup> Noong 2004, binalaan na ng mga pangunahing unibersidad sa Estados Unidos ang Elsevier na ititigil nila ang pagbili ng mga dyornal kung hindi ibababá ang presyo ng mga ito.<sup>52</sup> Noong 2012, iniulat ang isang panawagan para sa malawakang protesta laban sa Elsevier. Ipinangako ng mga sumali sa protesta na hindi na sila magpapasa ng kanilang mga pananaliksik sa nasabing korporasyon. Hindi rin sila uupo bilang mga rebisadór at patnugot

<sup>49</sup> *Ibid.*, 180.

<sup>50</sup> "In this transitional period in history, from an industrial world to the information age, sovereign and disciplinary powers are being supplanted by widely distributed controls which increasingly generate dominions connected to large corporations. These corporations end up assuming powers previously organized within States. In this world knowledge is a direct source of wealth and power in a manner completely distinct from other periods in history." Sergio Amadeo da Silveira, "Aaron Swartz and the Battles for Freedom of Knowledge," in *International Journal of Human Rights*, 10:18 (June 2013), <<https://sur.conectas.org/en/aaron-swartz-battles-freedom-knowledge/>>.

<sup>51</sup> Ang tatlong pahayag ay ang mga sumusunod: Budapest Open Access Initiative (February 2002), Bethesda Statement on Open Access Publishing (June 2003), Berlin Declaration on Open Access to Knowledge in the Sciences and Humanities (October 2003). Tingnan ang Suber, *Open Access*, 7ff.

<sup>52</sup> See Owen Dyer, "US Universities Threaten to Cancel Subscriptions to Elsevier Journals," *BMJ*, 328:7439 (2004), <<https://www.ncbi.nlm.nih.gov/pmc/articles/PMC381040/>>.

## 130 PANANAHIMIK, PAMUMUNÁ

ng mga dyornal nito.<sup>53</sup> Sa kasalukuyan, halos nasa 20,000 mananaliksik na ang lumalagda sa panawagang boykot. Patuloy pa ring buháy ang website nito para sa mga mananaliksik na nagnanais ding sumali sa protesta.<sup>54</sup> Nakalatag ang kanilang mga paninindigan sa isang papel na may pamagat na "The Cost of Knowledge."<sup>55</sup> Noong 2017 naman nagsimula ang sunod-sunod na malawakang protesta ng maraming unibersidad sa pamamagitan ng pagputol ng kanilang mga kontrata sa Elsevier.<sup>56</sup> Kamakailan lamang, nagkaroon naman ng tinatawag na Plan S (*speed, stop paywalls*) na pinangunahan ng 11 malalaking organisasyon sa Europa na nagbibigay ng pondo sa mga mananaliksik. Inaatasan ng mga organisasyong ito ang mga mananaliksik na kanilang popondohan na kaagad bigyan ng akses ang publiko sa kanilang mga ginawa. Ibig sabihin, kailangan nilang ilathala ang kanilang mga pananaliksik sa mga dyornal na open access.<sup>57</sup>

Masasabing positibo ang mga anyo ng pagtutol na ito. Ngunit marahil hindi pa rin ito sapat. Una, kung magtagumpay man ang sistemang open access, ang mga bagong pananaliksik lang ang maakses ng publiko. Mananatiling pag-aari ng mga korporasyon ang milyon-milyong artikulang nakuha na nila ang kopirait. Malaking kawalan ito para sa publiko.<sup>58</sup> Ikalawa, nakabatay ang maraming protesta sa paghahangad na maibabâ ang presyo ng mga dyornal upang patuloy na makaakses ang mga pangunahing pamantasan mula sa Estados Unidos, Alemanya, Gran Britanya at iba pang

---

<sup>53</sup> Thomas Lin, "Mathematicians Organize Boycott of a Publisher," *The New York Times* (13 February 2012), <<https://www.nytimes.com/2012/02/14/science/researchers-boycott-elsevier-journal-publisher.html>>.

<sup>54</sup> The Cost of Knowledge, (n.d.), accessed 10 December 2021, <<http://thecostofknowledge.com/>>.

<sup>55</sup> "The Cost of Knowledge," (n.d.), accessed 2 March 2021, <<https://gowers.files.wordpress.com/2012/02/elsevierstatementfinal.pdf>>.

<sup>56</sup> Tingnan ang mga sumusunod na artikulo: David Matthews, "German Universities Plan for Life Without Elsevier," in *Times Higher Education* (5 September 2017), <<https://www.timeshighereducation.com/news/german-universities-plan-life-without-elsevier>>; Ashley Yeager, "Sweden Cancels Agreement With Elsevier Over Open Access," in *TheScientist* (16 May 2018), <<https://www.the-scientist.com/the-nutshell/sweden-cancels-agreement-with-elsevier-over-open-access-64405>>; Diana Kwon, "North American Universities Increasingly Cancel Publisher Packages," *TheScientist* (11 June 2018), <<https://www.the-scientist.com/news-opinion/north-american-universities-increasingly-cancel-publisher-packages-64324>>; Lindsay MacKenzie, "University of California Drops Elsevier," in *Inside Higher Ed* (1 March 2019), <<https://www.insidehighered.com/news/2019/03/01/university-california-cancels-deal-elsevier-after-months-negotiations>>.

<sup>57</sup> See Martin Enserink, "European Funders Seek to End Reign of Paywalled Journals," in *Science*, 361:6406 (September 2018).

<sup>58</sup> "The Open Access Movement has fought valiantly to ensure that scientists do not sign their copyrights away but instead ensure their work is published on the Internet, under terms that allow anyone to access it. But even under the best scenarios, their work will only apply to things published in the future." Aaron Swartz, "Guerilla Open Access Manifesto" (July 2008), accessed 27 December 2021, <<http://ia800605.us.archive.org/15/items/GuerillaOpenAccessManifesto/Goamjuly2008.pdf>>.



mauunlad na bansa. Nakahanda silang makipag-ayós sa mga malalaking korporasyon kung magkakasundo sila sa halagá. Hindi naman naisasaalang-alang na ang presyong katanggap-tanggap sa isang unibersidad sa Estados Unidos o Gran Britanya ay presyong hindi maaabot ng isang pangkaraniwang unibersidad sa Ethiopia o Guatemala.<sup>59</sup> At ang presyong katanggap-tanggap sa mga unibersidad sa Filipinas tulad ng Ateneo de Manila University at Unibersidad ng Santo Tomas ay presyong hindi maaabot ng maliliit na kolehiyo sa mga probinsiya. Sa madali't sabi, pumapabor lang sa mauunlad na lipunan at mayayamang unibersidad ang pangunahing mithiin ng mga protesta at boykot. Ikatlo, ang sistemang *open access* ay muling nagbukas ng panibagong oportunidad upang pagkakitaan, lalo na ng tinatawag na *predatory journals*. Dahil dito bago pa man makapagpundar ng tiwala sa mundo ng akademiko ang sistemang ito, nabahiran na agad ng pagdududa ang marami at pinatibay pang lalo ang pangangailangan sa sistema ng mga higanteng manlilimbag.<sup>60</sup> Ika-apat, maaaring pagdudahan ang bisà ng mga anyo ng pagtutol na binanggit sa itaas sapagkat pagkatapos ng halos 20 taóng protesta, boykot at iba pang mga pagkilos, animo'y hindi natitinag ang industriya ng akademikong paglilimbag.<sup>61</sup> Marahil nagagawa pa ring paglaruan at lusután ng malalaking korporasyon ang sistema kapag sinasaklaw ng mga kumbensiyonal na batas ang mga anyo ng pagtutol.

Dito pumapasok ang anyo ng pagtutol ng Sci-Hub – isang pagsuwáy sa mga batas ng kopirait na pumapabor sa mga higanteng korporasyon. Ipinapakita ng praktis ng Sci-Hub na epektibong natitinag at nababahala ang industriya ng paglilimbag sa gawain ng "pamimirata."<sup>62</sup> Ebidensiya rito ang

<sup>59</sup> "...widespread subscription access remains restricted to institutions, such as universities or medical centers. Smaller institutions or those in the developing world often have poor access to scholarly literature." Daniel Himmelstein, Ariel Romero, Jacob Levernier, Thomas Munro, Stephen McLaughlin, Bastian Tzovaras, and Casey Greene, "Sci-hub Provides Access to Nearly All Scholarly Literature," in *ELife*, 7:e32822 (2018); Kevin Smith, "Some Radical Thoughts About Sci-Hub," in *Scholarly Communications at Duke* (3 March 2016), <<https://blogs.library.duke.edu/scholcomm/2016/03/03/some-radical-thoughts-about-scihub/>>.

<sup>60</sup> See Martin Weller, *The Battle for Open: How Openness Won and Why It Doesn't Feel Like Victory* (London: Ubiquity Press, 2014), 46-47.

<sup>61</sup> "As the potential opening for universalizing access to culture and knowledge created by digital networks is now closing, attempts at private legal reform such as Creative Commons licenses have had only a very limited effect. Attempts at institutional reform such as Open Access publishing are struggling to go beyond a niche." Marcell Mars and Tomislav Medak, "System of a Takedown: Control and De-commodification in the Circuits of Academic Publishing," in *Archives*, ed. by Andrew Lison, Marcell Mars, and Tomislav Medak (Lüneburg: Meson Press, 2019), 65.

<sup>62</sup> "Sci-Hub is undeniably a permanent disruption of the traditional model of scholarly publication. The unsustainable model that these publishers were operating under has not been working for academic libraries, thus Sci-Hub has hastened an evolution that will lead to a new model of academic publishing." Holly Marple, "Parasite, Pirate, and Robin Hood: Sci-Hub is Disrupting the World

## 132 PANANAHIMIK, PAMUMUNÁ

mga kasong isinampa laban sa Sci-Hub at Libgen. Ebidensiya rin ang patuloy na pagdami ng mga artikulong maakses sa Sci-Hub at ang patuloy pang pagdami ng mga iskolar at pangkaraniwang mamamayang gumagamit nito. Subalit ang pagsuwáy ng Sci-Hub ay hindi maihalaintulad sa paglabag ng isang pangkaraniwang kriminal na tahasang binabalewala ang batas. Hindi pagwawalang-bahala sa kapangyarihan ng batas (*rule of law*) ang praktis ng Sci-Hub. Ang pamimirata nito ay isang pagtaliwas na bumubukal sa mas mataas na pagkilala sa mga batayang batas at sa mga mabubuting dahilan ng pagkakaroon nito.<sup>63</sup> Isa itong panawagan na magkaroon ng mga fundamental na pagbabago sa batás ng kopirait - mga pagbabagong pumapabor sa mamamayan at sa komunidad ng mga iskolar at mananaliksik.<sup>64</sup> Isa itong hamon na balikan ng isang lipunan ang kanilang mga pagpapahalaga, pag-isipang mulí ang tunay na diwa ng mga nililikhang batas, at patuloy na punahin ang mga namamayaning normatibo sa paglikha at pagpapatupad nito. Isa itong panawagan upang magkaroon ng malawakang sibíl na pagsuway (*civil disobedience*)<sup>65</sup> - ang karapatan ng mamamayan na mapayapang sumalungat at hindi makipagtulungan sa pagpapatupad ng isang di-makatarungang batas. Hindi natin kinondena, bagkus pinuri pa ang mga pagkilos nina Mahatma Gandhi at Martin Luther King, Jr. Ipinagmamalaki naman ng mga Pilipino ang EDSA Revolution noong 1986. "Marahil hindi na nga batás ang isang di-makatarungang batás," sabi nga ni San Agustin na sinang-ayunan naman ni Sto. Tomas de Aquino.<sup>66</sup>

Hindi mabubulabog ang mga nasa kapangyarihan kung puro pamumuná lang ang gagawin. Malaking tubó ang nakatayâ kaya hindi kagyat na magpapatinág sa puwersa ng pamumuná ang mga nakikinabang sa industriya ng paglilimbag.<sup>67</sup> Hindi naman basta-basta isinusuko ng nang-

---

of Academic Publishing," in *Theijournal*, 3:2 (2018), <<https://theijournal.ca/index.php/ijournal/article/view/29480>>.

<sup>63</sup> Sinabi ni Elbakyan na ang pagkukulong sa kaalaman ay isang seryosong paglabag sa Artikulo 27 ng Unibersal na Deklarasyon ng Karapatang Pantao na nagsasabing "Ang bawat tao'y may karapatang makilahok nang malaya sa buhay pangkalinangan ng pamayanan, upang tamashin ang mga sining at makihiat sa mga kaunlaran sa siyensiya at sa mga pakinabang dito."

<sup>64</sup> Mikhail Naumov, "Elsevier Inc. vs Sci-Hub: Some Aspects of Copyright Infringement in Digital Space," in *SHS Web of Conferences*, 109 (2021), <[https://www.shs-conferences.org/articles/shsconf/pdf/2021/20/shsconf\\_lisid2021\\_01027.pdf](https://www.shs-conferences.org/articles/shsconf/pdf/2021/20/shsconf_lisid2021_01027.pdf)>, 4.

<sup>65</sup> Marcus Banks, "What Sci-Hub Is and Why It Matters," in *American Libraries*, 47:6 (June 2016), 46; James, "Pirate Open Access as Electronic Civil Disobedience"; Aaron Swartz, "Guerilla Open Access Manifesto"; Mars and Medak, "System of a Takedown," 61ff; Richard Smith, "The Business of Academic Publishing: 'A Catastrophe,'" in *The Lancet*, 392:10154 (October 2018), 1187.

<sup>66</sup> "...that which is not just seems to be no law at all." Binanggit sa Thomas Aquinas, *Summa Theologica*, I-II Q. 95 A. 2.

<sup>67</sup> Weller, *The Battle for Open*, 24.



aapi ang kanyang kapangyarihang mang-api.<sup>68</sup> Kaya nga, kailangang tumulóy sa mga kongkretong gawain ng pagtutol ang gawain ng pamumuna. Ngunit may mga praktis ng pagtutol na animo'y kinukurot lang ang mga higanteng korporasyon. Radikál na pagtutol ang kailangan upang sila'y mabulabog sa pananahimik. Ito ang ginagawa ni Elbakyan at ng Sci-Hub.<sup>69</sup> Ito ang isang mabisang paraan upang seryosohin ng mga higanteng manlilimbag ang mga anyo ng pagtutol. Hindi na maaari ang "business as usual." Sa isang panayam kay Heather Piwowar, isa sa mga tagapagtatag ng kumpanyang Impactstory, ganito ang kanyang sinabi: "*But we suspect and hope that Sci-Hub is currently filling toll-access publishers with roaring, existential panic. Because in many cases that's [piracy] the only thing that's going to make them actually do the right thing and move to open-access models.*"<sup>70</sup>

### **Mga Panghuling Pagdalumat**

Noong Hulyo 21, 2021, sinubukan kong i-type ang "*where is sci hub*" sa Google *search engine*. Agad na lumabas ang mga sumusunod na *autocomplete prediction*: "*where is sci hub now*," "*where is sci hub now 2021*," "*where is sci hub reddit*," at "*where is sci hub twitter*." Habang pinagbabawalan ng batas, mukhang dumaraming lalo ang naghahanap sa Sci-Hub. Matatandaang iniutos ng hukuman na i-block ng mga *internet service provider* (ISP) ang Sci-Hub.<sup>71</sup> At siyempre, may naghihintay na kaparusahan sa mga hindi susunod. Bilang sagot naman ng isang dismayadong kumpanyang ISP sa Sweden, bin-lock din nila ang Elsevier.<sup>72</sup> May mga lugar sa mundo kung saan bina-block ang Sci-Hub, pero laging may mga mungkahing *unblocking instructions* na

---

<sup>68</sup> Freire, *Pedagogy of the Oppressed*, 74.

<sup>69</sup> "...we are clearly in a time of ferment with respect to the evolution of scholarly publishing. If nothing else, Sci-Hub has hastened the speed and vigor of this conversation." Banks, "What Sci-Hub Is and Why It Matters," 48.

<sup>70</sup> Richard Van Noorden, "Ten People Who Mattered This Year - Alexandra Elbakyan: Paper Pirate," in *Nature* (19 December 2016), <<https://doi.org/10.1038/540507a>>.

<sup>71</sup> Diana Kwon, "Judge recommends ruling to block internet access to Sci-Hub," in *TheScientist* (3 October 2017), <<https://www.the-scientist.com/daily-news/judge-recommends-ruling-to-block-internet-access-to-sci-hub-30793>>; Dalmeet Singh Chawla, "Court Demands Search Engines and Internet Service Providers Block Sci-Hub," in *Science* (6 November 2017), <<https://www.science.org/content/article/court-demands-search-engines-and-internet-service-providers-block-sci-hub>>; Ernesto Van Der Sar, "French ISPs Ordered to Block Sci-Hub and Libgen," in *TF* (31 March 2019), <<https://torrentfreak.com/court-orders-french-isps-to-block-sci-hub-and-libgen-190331/>>.

<sup>72</sup> See Zack Whitaker, "A Swedish ISP Has Blocked Elsevier's Website in Protest for Forcing It to Block Sci-Hub," in *TechCrunch* (6 November 2018), <<https://techcrunch.com/2018/11/05/swedish-internet-provider-bahnhof-protest-injunction-elsevier-website>>.

## 134 PANANAHIMIK, PAMUMUNÁ

madali ring makita at sundan.<sup>73</sup> Ikinukumpara nga sa laróng *whac-a-mole* ang ugnayan ng Sci-Hub at ng batas na kapag pinupukpok ng martilyo ay lalabas lang ulit sa kung saanman ang una.<sup>74</sup> Itinayp ko naman ang salitang "thank" sa Google Scholar. Isa sa lumabas sa autocomplete prediction ang "thank Alexandra Elbakyan" na nagpakita ng 22 resulta. Noong Disyembre 17, 2021, 462 resulta na ang lumabas. Dumarami ang mga iskolar na tahasang nagpapasalamat kay Elbakyan at sa tulong na nailhatid ng Sci-Hub sa kanilang mga isinasagawang pananaliksik. Hindi naman napatigil ang operasyon ng Sci-Hub ng mga kasong isinampa ng Elsevier at American Chemical Society. Mas lalo pa ngang nakilala ang Sci-Hub at lumakas lalo ang simpatiya ng mga mananaliksik.<sup>75</sup> Wala ring gaanong puwersa ang mga galamay ng batas sa kakaibang katangian ng laro ng modernong teknolohiya. Kakampi man ng mga makapangyarihang korporasyon ang batas at ang hukuman, makikita namang halos wala itong magawa upang maipatupad ang kaukulang parusa.<sup>76</sup>

Kaya nga sa bandang huli ng pagdalumat na ito, babanggitin ko ang lengguwahe ng posibilidad at pag-asa na nilikha rin ni Henry Giroux sa liwanag ng pilosopiya ni Paulo Freire. Tumutukoy ang lengguwahe ng posibilidad sa kakayahan ng tao na baguhin ang penomenon ng pang-aapi at pananakop. Nakikita ni Giroux kay Freire ang isang anyo ng pedagohiya na hindi lang pumupuná kundi nagtaguyod din ng mga anyo ng pakikibaka upang labanan ang iba't ibang uri ng kaapihan.<sup>77</sup> Kaya nga, hindi damdamin o estado ng emosyon ang pag-asa. Meron itong aspektong politikal na nagtutulak upang gumawa ng mga kongkretong hakbang at hindi malugmok

---

<sup>73</sup> "Despite being involved in several high-profile legal cases, Sci-Hub has never been shut down. Sometimes its domains get seized, but it always manages to move to a new location. You can see the latest sci-hub links on this page." <<https://sci-hub.41610.org/>> (n.d.), accessed 18 July 2021; Tingnan din ang Citationsy, "Download Research Papers and Scientific Articles for Free," accessed 29 November 2021, <<https://citationsy.com/blog/download-research-papers-scientific-articles-free-scihub-library-genesis/>>.

<sup>74</sup> See Banks, "What Sci-Hub Is and Why It Matters," 4.

<sup>75</sup> See Sneha Kulkarni, "Latest Data Shows That Sci-Hub Thrives Despite Infrastructure Losses," in *Editage Insights*, (27 February 2018), <<https://www.editage.com/insights/latest-data-shows-that-sci-hub-thrives-despite-infrastructure-losses/1519713287>>.

<sup>76</sup> "...the cases demonstrate how the use of litigation to resolve scholarly publishing disputes often appears – at least at this stage and in these cases – ineffective and unsatisfactory. Sometimes legal cases and legislation struggle to keep up with technological developments. At other times, business solutions overtake the slow-moving legal process. And in some instances, even when a court seems to reach an effective resolution, the judgment cannot be enforced. The shift over the past decades to online publishing, the low cost and ease with which digital content can be produced, copied, and disseminated, and changing expectations over the sharing of this content appear to be contributing to this ineffectiveness." Stewart Manley, "On the Limitations of Recent Lawsuits against Sci-Hub, OMICS, ResearchGate, and Georgia State University," in *Learned Publishing*, 32 (2019), 375–381.

<sup>77</sup> See Giroux, *Teachers as Intellectuals*, 294.

sa kawalang-pag-asaya.<sup>78</sup> Ganito ang pagkakasabi ni Henry Giroux tungkol sa kahulugan ng pag-asang sabay na kumikilos: "the attempt to make a difference by being able to imagine otherwise in order to act in other ways."<sup>79</sup> Hindi maaaring tumunganga at ngumanga na lamang habang nagpapakasasa ang iilan sa mga di-makatarungang kalakaran. Ipinapakita ng praktis ng Sci-Hub ang pagkapit sa lengguwahe ng pag-asaya na tumututol sa ideyolohiya ng *There Is No Alternative* (TINA).<sup>80</sup> Kahit mukhang natural at hindi na mababago ang isang reyalidad, hindi ibig sabihin ay natural at hindi na ito mababago. Bagkus nagpipilit kahit namimilipit sa paghahanap ng maliliit na puwang upang maghain ng mga mabisang alternatibo sa pangkasalukuyang kaayusan o kawalan nito. Hindi kaisa-isang posibilidad ng buhay ang inihahain ng mga higanteng manlilimbag. Kahit na wala pang mas mabuting alternatibo ang maaaring ilahad, hindi ito dahilan upang malugmok sa kultura ng pananahimik at tanggapin nang buong-buo ang namamayaning rehimen. Ang totoo, ipinapakita ng Sci-Hub na merong alternatibo. Na sa panahon ng makabagong teknolohiya, maaari nang muling mangarap ng pagsasanib ng teorya at kilos, ng abstraksiyon at kongkretoong protesta.<sup>81</sup>

Hangga't hindi dumarating sa punto na magiging patas at makatarungan ang industriya ng paglilimbag ng mga akademikong pananaliksik, hindi mamamatay ang mga pagkilos na katulad ng ginagawa ng Sci-Hub. Bagama't mamatay o magpakamatay ang nagsimula ng ideya, patuloy na nabubuhay at nagpupumiglas ang ideyang kanilang sinimulan. Ito ang lengguwahe ng pag-asaya at posibilidad. Nang hatulan ng kamatayan at piliing magpakamatay ni Socrates, hindi namatay ang mithiing palayain ang katotohanan. Nang hatulang mabilanggo at piliing magpakamatay ni Aaron Swartz, hindi rin mamamatay ang mithiing palayain ang kaalaman.<sup>82</sup>

Marahil kuntento na ang ilan sa atin sa pagtutol na inilulunsad ng Open Access Movement. Kahit higit na mas mainam ang sistemang open access kaysa rehimen ng mga industriya ng paglilimbag ngayon, hindi tayo pinipigilang pangarapin ang isang rehimeng magiging legal ang "pamimirata" na ginagawa ng Sci-Hub at maging katanggap-tanggap ang paggamit ng mga ganitong website sa lahat ng dako ng mundo. Kapag

<sup>78</sup> See Michalinos Zembylas, *Five Pedagogies, A Thousand Possibilities: Struggling for Hope and Transformation in Education* (Rotterdam: Sense Publishers, 2007), ix.

<sup>79</sup> Henry Giroux, *The Giroux Reader*, ed. by Christopher G. Robbins (London: Routledge, c2016), 270.

<sup>80</sup> See Mark Fisher, *Capitalist Realism: Is There No Alternative?* (Winchester: Zero Books, 2009).

<sup>81</sup> Mike Watson, *The Memeing of Mark Fisher: How the Frankfurt School Foresaw Capitalist Realism and What to Do About It* (Winchester: Zero Books, 2021), 23.

<sup>82</sup> See Elizabeth Day, "Aaron Swartz: Hacker, Genius...Martyr?" in *The Guardian* (2 June 2013), <<https://www.theguardian.com/technology/2013/jun/02/aaron-swartz-hacker-genius-martyr-girlfriend-interview>>.

## 136 PANANAHIMIK, PAMUMUNÁ

nangyari ito, maaaring ito na rin nga ang katapusan ng industriya ng paglilimbag ng mga akademikong papel. Hindi dapat ipagluksa ng sangkatauhan ang kamatayan nito sapagkat nakasentro naman sa paghahangad sa tubó ang industriyang ito - tubó na nanggagaling sa isang bagay na pag-aari ng publiko at hindi dapat ginagawang kalakal sa merkado. Sinabi nga ni Ryan Moffitt, tagapagtatág ng Florida Pirate Party, "An industry that has to suspend civil liberties to make money is an industry the world needs to be without."<sup>83</sup> Kapag inilibing natin ang industriyang ito, muling isisilang ang isang rehimeng oriinal nang pinangarap at isinakatuparan ng mga tagatangkilik ng kaalaman at siyensiya.<sup>84</sup>

Kaya nga sa susunod na hinarangan ka ng paywall, isipin si Alexandra Elbakyan at ang Sci-Hub. At umaasa tayo na darating nga ang panahon na ang paywall ng mga akademikong pananaliksik ay mga labí na lang ng kasaysayan. Kapag dumating ang araw na ito, baka nga ang Sci-Hub ay maging bakás na rin lang ng kasaysayan ng pamumuná, pagtutol at pag-asaya. Na sa bandang huli, ang parating pinararatangang pirata ay siyang matitirá pala.

*Department of Philosophy  
University of Santo Tomas, Philippines*

### References

- Aaronson, Scott, "Review of *The Access Principle* by John Willinsky," in *ACM SIGACT News*, 38:4 (December 2007).
- Adorno, Theodor W., *Prisms*, trans. by Samuel Weber and Shierry Weber Nicholsen (Cambridge: MIT Press, 1967)
- Aquinas, Thomas, *Summa Theologica*, trans. by Fathers of the English Dominican Province, <[http://www.documentacatholicaomnia.eu/03d/1225-1274\\_Thomas\\_Aquinas,\\_Summa\\_Theologiae\\_%5B1%5D,\\_EN.pdf](http://www.documentacatholicaomnia.eu/03d/1225-1274_Thomas_Aquinas,_Summa_Theologiae_%5B1%5D,_EN.pdf)>.
- Banks, Marcus, "What Sci-Hub Is and Why It Matters," in *American Libraries*, 47:6 (June 2016).

---

<sup>83</sup> Binanggit sa Rodolphe Durand and Jean-Philippe Vergne, *The Pirate Organization: Lessons from the Fringes of Capitalism* (Boston: Harvard Business Review Press, 2013), 178.

<sup>84</sup> "Scientific journals, published mainly by small scientific societies, sprouted up alongside the printing industry in the 17th century as a way to disseminate science and information about scientific meetings." Brian Resnick and Julia Belluz, "The War to Free Science," in *Vox* (10 July 2019), <<https://www.vox.com/the-highlight/2019/6/3/18271538/open-access-elsevier-california-sci-hub-academic-paywalls>>.

- Beaton, Margaret, "A Small Act of Scientific Civil Disobedience," in *Yes!* (13 March 2017), <<https://www.yesmagazine.org/issue/science/2017/03/13/small-acts-of-scientific-civil-disobedience>>.
- Beverungen, Armin, Steffen Böhm, and Christopher Land, "The Poverty of Journal Publishing," in *Organization*, 19:6 (2012).
- Bolaños, Paolo, "Language, Critique and the Non-Identical: Nietzsche and Adorno on the Ethics of Thinking" (Macquarie University, Australia, 2009).
- Bosch, Stephen and Kittie Henderson, "New World, Same Model: Periodicals Price Survey 2017," in *Library Journal* (19 April 2017), <<https://www.libraryjournal.com/story/new-world-same-model-periodicals-price-survey-2017>>.
- Buranyi, Stephen, "Is the Staggeringly Profitable Business of Publishing Bad for Science?" in *The Guardian* (27 June 2017), <<https://www.theguardian.com/science/2017/jun/27/profitable-business-scientific-publishing-bad-for-science>>.
- Chawla, Dalmeet Singh, "Court Demands Search Engines and Internet Service Providers Block Sci-Hub," in *Science* (6 November 2017), <<https://www.science.org/content/article/court-demands-search-engines-and-internet-service-providers-block-sci-hub>>.
- \_\_\_\_\_, "Sci-Hub Blocked in Russia Following Ruling by Moscow Court," *Chemistry World* (3 December 2018), <<https://www.chemistryworld.com/news/sci-hub-blocked-in-russia-following-ruling-by-moscow-court/3009838.article>>.
- Chressanthis, George A. and June D. Chressanthis, "Publisher Monopoly Power and Third-Degree Price Discrimination of Scholarly Journals," in *Technical Services Quarterly*, 11:2 (1993).
- Clarivate, "Clarivate Analytics Acquires Research Startup Kopernio to Accelerate Pace of Scientific Innovation" (10 April 2018), <<https://clarivate.com/news/clarivate-analytics-acquires-research-startup-kopernio-accelerate-pace-scientific-innovation>>.
- Citationsy, "Download Research Papers and Scientific Articles for Free," accessed 29 November 2021, <<https://citationsy.com/blog/download-research-papers-scientific-articles-free-scihub-library-genesis>>.
- da Silveira, Sérgio Amadeu, "Aaron Swartz and the Battles for Freedom of Knowledge," in *International Journal of Human Rights*, 10:18 (June 2013), <<https://sur.conectas.org/en/aaron-swartz-battles-freedom-knowledge>>.
- Day, Elizabeth, "Aaron Swartz: Hacker, Genius...Martyr?," in *The Guardian* (2 June 2013), <<https://www.theguardian.com/technology/2013/jun/02/aaron-swartz-hacker-genius-martyr-girlfriend-interview>>.

## 138 PANANAHIMIK, PAMUMUNÁ

- Deleuze, Gilles, *Nietzsche and Philosophy* (New York: Columbia University Press, 1983).
- Diken, Bulent, "Critique as Justification – and Beyond," *The Sociological Review*, 63 (2015).
- Durand, Rodolphe and Jean-Philippe Vergne, *The Pirate Organization: Lessons from the Fringes of Capitalism* (Boston: Harvard Business Review Press, 2013).
- Dyer, Owen, "US Universities Threaten to Cancel Subscriptions to Elsevier Journals," *BMJ*, 328:7439 (2004). <<https://www.ncbi.nlm.nih.gov/pmc/articles/PMC381040/>>.
- Edwards, Richard and David Shulenburger, "The High Cost of Scholarly Journals (And What to Do About It)," *Change*, 35:6 (2003).
- Enserink, Martin, "European Funders Seek to End Reign of Paywalled Journals," in *Science*, 361:6406 (September 2018).
- Fisher, Mark, *Capitalist Realism: Is There No Alternative?* (Winchester: Zero Books, 2009).
- Freire, Paulo, "Education as the Practice of Freedom," in *Education for Critical Consciousness*, trans. by Myra Bergman Ramos, Louise Bigwood, and Margaret Marshall (New York: The Seabury Press, 1973).
- \_\_\_\_\_, *Pedagogy of the Oppressed*, trans. by Myra Bergman Ramos (New York: The Continuum Publishing Corporation, 1984).
- Gardner, Carolyn Caffrey, and Gabriel J. Gardner, "Fast and Furious (at Publishers): The Motivations behind Crowdsourced Research Sharing," in *College & Research Libraries*, 78:2 (2017).
- Geuss, Raymond, *Outside Ethics* (New Jersey: Princeton University Press, 2005).
- Giroux, Henry, *Teachers as Intellectuals: Towards a Critical Pedagogy of Learning* (Massachusetts: Bergin and Garvey, 1988).
- \_\_\_\_\_, *The Giroux Reader*, ed. by Christopher G. Robbins (London: Routledge, 2016).
- Graber-Stiehl, Ian, "Science's Pirate Queen," in *The Verge* (8 February 2018), <<https://www.theverge.com/2018/2/8/16985666/alexandra-elbakyan-sci-hub-open-access-science-papers-lawsuit>>.
- Heckman, James J., and Sidharth Moktan, "Publishing and Promotion in Economics: The Tyranny of the Top Five," in *Journal of Economic Literature*, 58:2 (2020).
- Himmelstein, Daniel S., Ariel Rodriguez Romero, Jacob G. Levernier, Thomas Anthony Munro, Stephen Reid McLaughlin, Bastian Greshake Tzovaras, and Casey S. Greene, "Sci-Hub Provides Access to Nearly All Scholarly Literature," in *ELife*, 7:e32822 (2018).
- Jaeggi, Rahel, "Was ist Ideologiekritik?" in *Was ist Kritik?*, ed. by Rahel Jaeggi and Thilo Wesche (Frankfurt am Main: Suhrkamp, 2009).



- James, Jack E., "Pirate Open Access as Electronic Civil Disobedience: Is It Ethical to Breach the Paywalls of Monetized Academic Publishing?," in *Journal of the Association for Information Science & Technology*, 71:12 (2020).
- Karaganis, Joe, "Introduction: Access from Above, Access from Below," in *Shadow Libraries: Access to Knowledge in Global Higher Education*, ed. by Joe Karaganis (Cambridge: MIT Press, 2018).
- Khelfaoui, Mahdi and Yves Gingras, "Branding Spin-Off Scholarly Journals: Transmuting Symbolic Capital into Economic Capital," in *Journal of Scholarly Publishing*, 52:1 (2020).
- Knight, Jonathan, "Cornell Axes Elsevier Journals as Prices Rise," in *Nature*, 426:217 (2003).
- Knoche, Manfred, "Science Communication and Open Access: The Critique of the Political Economy of Capitalist Academic Publishers as Ideology Critique," in *tripleC*, 18:2, trans. by Christian Fuchs (2020).
- Kulkarni, Sneha, "Latest Data Shows That Sci-Hub Thrives Despite Infrastructure Losses," in *Editage Insights*, (27 February 2018), <<https://www.editage.com/insights/latest-data-shows-that-sci-hub-thrives-despite-infrastructure-losses/1519713287>>.
- Kwon, Diana, "Judge Recommends Ruling to Block Internet Access to Sci-Hub," in *TheScientist* (3 October 2017), <<https://www.the-scientist.com/daily-news/judge-recommends-ruling-to-block-internet-access-to-sci-hub-30793>>.
- \_\_\_\_\_, "North American Universities Increasingly Cancel Publisher Packages," *TheScientist* (11 June 2018), <<https://www.the-scientist.com/news-opinion/north-american-universities-increasingly-cancel-publisher-packages-64324>>
- Larivière, Vincent, Stefanie Haustein, and Philippe Mongeon, "The Oligopoly of Academic Publishers in the Digital Era," in *PLOS ONE*, 10:6 (2015), e0127502.
- Lawson, Stuart, "Access, Ethics and Piracy," in *Insights*, 30:1 (March 2017).
- Lin, Thomas, "Mathematicians Organize Boycott of a Publisher," in *The New York Times* (13 February 2012), <<https://www.nytimes.com/2012/02/14/science/researchers-boycott-elsevier-journal-publisher.html>>.
- MacIntyre, Alasdair, "Review of Raymond Geuss' *Outside Ethics*," in *Notre Dame Philosophical Reviews* (5 March 2005), <<https://ndpr.nd.edu/news/outside-ethics>>.
- MacKenzie, Lindsay, "University of California Drops Elsevier," in *Inside Higher Ed* (1 March 2019), <<https://www.insidehighered.com/news/2019/03/01/university-california-cancels-deal-elsevier-after-months-negotiations>>.

- Manley, Stewart, "On the Limitations of Recent Lawsuits against Sci-Hub, OMICS, ResearchGate, and Georgia State University," in *Learned Publishing*, 32 (2019).
- Marple, Holly, "Parasite, Pirate, and Robin Hood: Sci-Hub is Disrupting the World of Academic Publishing," *The ijournal*, 3:2 (2018), <<https://theijournal.ca/index.php/ijournal/article/view/29480>>.
- Mars, Marcell and Tomislav Medak, "System of a Takedown: Control and De-commodification in the Circuits of Academic Publishing," in *Archives*, ed. by Andrew Lison, Marcell Mars, and Tomislav Medak (Lüneburg: Meson Press, 2019), <<https://doi.org/10.25969/mediarep/11920>>.
- Matthews, David, "German Universities Plan for Life Without Elsevier," in *Times Higher Education*, (5 September 2017), <<https://www.timeshighereducation.com/news/german-universities-plan-life-without-elsevier>>.
- Mau, Steffen, *The Metric Society: On the Quantification of the Social*, trans. by Sharon Howe (Cambridge: Polity, 2019).
- McAllister, Ben, "Addicted to Data: How an Obsession with Measuring Can Hurt Businesses," in *The Atlantic* (12 March 2012), <<https://www.theatlantic.com/business/archive/2012/02/addicted-to-data-how-an-obsession-with-measuring-can-hurt-businesses/253800>>.
- McGuigan, Glenn S. and Robert D. Russell, "The Business of Academic Publishing: A Strategic Analysis of the Academic Journal Publishing Industry and its Impact on the Future of Scholarly Publishing," in *Electronic Journal of Academic and Special Librarianship*, 9:3 (Winter 2008).
- Meyer, Richard W. "Monopoly Power and Electronic Journals," in *The Library Quarterly*, 67:4 (October 1997).
- Monbiot, George, "Scientific Publishing is a Rip-off – We Fund the Research – It Should Be Free," in *The Guardian* (13 September 2018), <<https://www.theguardian.com/commentisfree/2018/sep/13/scientific-publishing-rip-off-taxpayers-fund-research>>.
- Muller, Jerry, "Our Obsession with Metrics is Hurting Us—and Even Endangering Our Lives," in *The Guardian* (8 September 2018), <<https://www.theguardian.com/commentisfree/2018/sep/08/our-obsession-with-metrics-is-hurting-us-and-even-endangering-our-lives>>.
- Murphy, Kate, "Should All Research Papers Be Free?" in *The New York Times* (12 March 2016), <<https://www.nytimes.com/2016/03/13/opinion/sunday/should-all-research-papers-be-free.html>>.

- Naumov, Mikhail, "Elsevier Inc. vs Sci-Hub: Some Aspects of Copyright Infringement in Digital Space," in *SHS Web of Conferences*, 109 (2021), <<https://isidore.science/document/10670/1.jk0oo1>>.
- Park, Steven, "Scientist vs Publisher: Sci-Hub Reveals Flaws in Academia," in *The Miscellany News* (6 February 2019), <<https://miscellanynews.org/2019/02/06/opinions/scientist-vs-publisher-sci-hub-reveals-flaws-in-academia/>>.
- Parker, Martin, "Pirates, Merchants and Anarchists: Representations of International Business," in *Management & Organizational History*, 4:2 (2009).
- Paywall: The Business of Scholarship*. Directed by Jason Schmitt. New York: Utopian Turtletop Productions, 2018.
- Puehringer, Stephan, Johanna Rath, and Teresa Griesebner, "The Political Economy of Academic Publishing: On the Commodification of a Public Good," in *PLOS ONE*, 16:6 (2021).
- Resnick, Brian, "Why One Woman Stole 50 Million Academic Papers – And Made Them All Free to Read," in *Vox* (28 April 2016), <<https://www.vox.com/2016/2/17/11024334/sci-hub-free-academic-papers>>.
- Resnick, Brian and Julia Belluz, "The War to Free Science," in *Vox* (10 July 2019), <<https://www.vox.com/the-highlight/2019/6/3/18271538/open-access-elsevier-california-sci-hub-academic-paywalls>>.
- Sample, Ian, "Harvard University Says It Can't Afford Journal Publishers' Prices," in *The Guardian* (24 April 2012), <<https://www.theguardian.com/science/2012/apr/24/harvard-university-journal-publishers-prices>>.
- Schiermeier, Quirin, "US Court Grants Elsevier Millions in Damages from Sci-Hub," in *Nature* (22 June 2017), <<https://www.nature.com/articles/nature.2017.22196>>.
- Sehgal, Neil, "Fighting for Communism in Science: An Interview with Alexandra Elbakyan," in *Brown Political Review* (16 April 2021), <<https://brownpoliticalreview.org/2021/04/fighting-for-communism-in-science-bpr-interviews-alexandra-elbakyan>>.
- Smith, Kevin, "Some Radical Thoughts About Sci-Hub," in *Scholarly Communications at Duke* (3 March 2016), <<https://blogs.library.duke.edu/scholcomm/2016/03/03/some-radical-thoughts-about-scihub>>.
- Smith, Richard, "The Business of Academic Publishing: 'A Catastrophe,'" in *The Lancet*, 392:10154 (October 2018).
- \_\_\_\_\_, "The Highly Profitable but Unethical Business of Publishing Medical Research," in *Journal of the Royal Society of Medicine*, 99 (September 2006).

- Stahl, Titus, "Immanent Critique and Particular Moral Experience," in *Critical Horizons*, 23:1 (2022; first published online October 2017).
- Stoller, Michael A., Robert Christopherson, and Michael Miranda, "The Economics of Professional Journal Pricing," in *College & Research Libraries*, 57 (1996).
- Suber, Peter, *Open Access* (Cambridge: The MIT Press, 2012).
- Swartz, Aaron, "Guerilla Open Access Manifesto" (July 2008), accessed 27 December 2021, <<http://ia800605.us.archive.org/15/items/GuerillaOpenAccessManifesto/Goamjuly2008.pdf>>.
- Sweet, Chris, "An Introduction to Sci-Hub and Its Ethical Dilemmas," in *LOEX Quarterly*, 45:3 (2018).
- The Guardian, "The Guardian View on Academic Publishing: Disastrous Capitalism," in *The Guardian* (4 March 2019), <<https://www.theguardian.com/commentisfree/2019/mar/04/the-guardian-view-on-academic-publishing-disastrous-capitalism>>.
- van Dalen, Hedrik P. and Kène Henkens, "Intended and Unintended Consequences of a Publish-or-Perish Culture: A Worldwide Survey," in *Journal of the American Society for Information Science and Technology*, 63:7 (July 2012).
- Van Der Sar, Ernesto, "French ISPs Ordered to Block Sci-Hub and Libgen," in *TF* (31 March 2019), <<https://torrentfreak.com/court-orders-french-isps-to-block-sci-hub-and-libgen-190331>>.
- Van Noorden, Richard, "Open Access: The True Cost of Science Publishing," in *Nature*, 495:7442 (2013).
- \_\_\_\_\_, "Ten People Who Mattered This Year - Alexandra Elbakyan: Paper Pirate," in *Nature* (19 December 2016). <<https://doi.org/10.1038/540507a>>.
- Watson, Mike, *The Memeing of Mark Fisher: How the Frankfurt School Foresaw Capitalist Realism and What to Do About It* (Winchester: Zero Books, 2021).
- Weller, Martin, *The Battle for Open: How Openness Won and Why It Doesn't Feel Like Victory* (London: Ubiquity Press, 2014).
- Whitaker, Zack, "A Swedish ISP Has Blocked Elsevier's Website in Protest for Forcing It to Block Sci-Hub," in *TechCrunch* (6 November 2018), <<https://techcrunch.com/2018/11/05/swedish-internet-provider-bahnhof-protest-injunction-elsevier-website/>>.
- Yeager, Ashley, "Sweden Cancels Agreement with Elsevier over Open Access," in *TheScientist* (16 May 2018), <<https://www.thescientist.com/the-nutshell/sweden-cancels-agreement-with-elsevier-over-open-access-64405>>.

Zembylas, Michalinos, *Five Pedagogies, A Thousand Possibilities: Struggling for Hope and Transformation in Education* (Rotterdam: Sense Publishers, 2007).

